1

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kuwarter 1

Linggo 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 1**
**Kuwarter 1: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:**
**Tagasuri:** Dr. CONCHITA YUMOL / EDUARDO M. AGUILAR
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ANDREW E. TAN**, AP Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naipamamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nailalarawan na ang bawat tao ay may iba't ibang: a. Katangiang Pisikal b. Pangangailangan c. Interes at Kakayahan. | | | |
| *D. Mga Layunin* | 1. Natutukoy ang mga pagbabago sa pisikal na katangian at kakayahan ng batang Pilipino mula pagkasanggol hanggang sa kasalukuyang edad.<br>2. Napagsusunod-sunod at naisusulat ang bilang ayon sa pisikal na katangian at kakayahan upang mabuo ang timeline. | 1. Naisasalaysay sa pamamagitan ng timeline ang mga hilig gawin mula pangkasanggol hanggang sa kasalukuyan.<br>2. Naiguguhit ang mga hilig gawin mula sa pagkasanggol hanggang sa kasalukuyan.<br>3. Naipagmamalaki ang sariling mga hilig sa buhay bilang isang bata. | 1. Nasasabi ang mga bagay na nagbabago sa sarili.<br>2. Naipakikita ang tamang pag-aalaga sa mga pansariling gamit tulad ng medyas, sapatos, suklay at iba pang pangangailangan. | 1. Nakagagawa ng timeline ng mga pagbabagong pisikal, kakayahan mga hilig gawin at mga pansariling gamit mula nang epimarginal hanggang sa kasalukuyan.<br>2. Nakagagawa ng sariling timeline.<br>3. Naipagmamalaki at naibabahagi ang nagawang sariling timeline. |
| *E. Disensyong Instruksyunal* | Context<br>Engage | Connection<br>Experience | Connection<br>Engage | Creativity<br>Engage |





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *F. 21st Century Skills* | Interpersonal Skill | Visual Literacy<br>Openness | Critical Thinking<br>Visual Literacy | Visual Literacy |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Pagbabago sa Pisikal na Katangian at Kakayahan ng batang Pilipino mula pagkasanggol hanggang sa kasalukuyang edad | Timeline ng mga Hilig Gawin mula pangkasanggol hanggang sa kasalukuyan | Pagbabago sa Sarili | Timeline ng mga Pangyayari sa Buhay Bilang Bata |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Araling Panlipunan (Kagamitan ng Mag-aaral)<br>Prototype And Contextualized<br>Daily Lesson Plans (DLP)ROV<br>Araling Panlipunan 1<br>pp.133- | Araling Panlipunan 1, pahina 50-56<br>Prototype And Contextualized<br>Daily Lesson Plans (DLP)ROV<br>Araling Panlipunan 1 pp.137-138 | Araling Panlipunan 1 pp.57-62<br>Prototype And Contextualized<br>Daily Lesson Plans (DLP)ROV<br>Araling Panlipunan 1 pp.145-147 | Araling Panlipunan 1. Kagamitang Mag-aaral, p.57<br>Prototype And Contextualized<br>Daily Lesson Plans (DLP)ROV<br>Araling Panlipunan 1 pp.121-123 |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Larawan, tsart, sipi ng kuwento | Larawan, tsart, sipi ng kuwento. | Larawan, tsart, mga pansariling gamit tulad ng damit, medyas, sapatos, at suklay | Timeline<br>Manila paper, krayola, ruler, scotch tape, mga larawan, pansulat |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik-aral:<br>Anong mga kinahihiligan mong gawin mula ng magkamalay sa pagkasanggol na ginagawa mo pa rin sa kasalukuyan? | Balik-aral:<br>Ano ang mahahalagang pangyayaring naganap sa iyong buhay na hindi mo malilimutan?<br>Anong mga kinahihiligan mong gawin nang ika'y hindi pa nag-aaral na ginagawa mo pa rin sa kasalukuyan? | Balik-aral:<br>Ano-ano ang mga bagay na hindi nagbabago sa inyong buhay?<br>Ano-ano naman ang mga nagbabago? | Balik-aralan ang mga natutuhan sa aralin tungkol sa paggawa ng Timeline. |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin* | Ipahahayag ng guro ang | Ipapahayag ng guro ang | Ipahahayag ng guro ang layunin ng | Ipahahayag ng guro ang layunin ng |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *ng Aralin* | layunin ng aralin:<br>“Ngayong araw ay pag uusapan natin ang mga pisikal na katangian ng isang sanggol at ng mga batang nasa edad ninyo. | layunin ng aralin:<br>“Ngayong araw pag aaralan natin ang mga hilig ninyong gawin noong sanggol pa kayo hanggang sa kasalukuyan | aralin:<br>“Ngayong araw, pag<br>aaralan natin ang mga mga bagay na nagbago sa sarili mula sanggol hanggang sa kasalukuyang edad at ang tamang pag-aalaga sa mga pansariling gamit tulad ng medyas, sapatos, suklay at iba pa. | aralin:<br>“Ngayong araw, pag aaralan natin ang timeline tungkol sa kakayahan, pagbabagong pisikal, kagamitang pansarili, at hilig gawin mula nang ipinanganak hanggang sa kasalukuyan. |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | 1. Ipakikilala ng guro angsumusunod na salita at gagamitin niya ang mga ito sa pangungusap.<br>*pisikal*<br>*kakayahan*<br>*timeline* | Ipakikilala ng guro ang salitang *hilig* at gagamitin ito sa pangungusap. | 1. Ipakikilala ng guro ang sumusunod na mga salita at gagamitin sa pangungusap.<br>*pansariling gamit*<br>*sanggol* | Ipakikilala ng guro ang salitang *gusto* at gagamitin ito sa pangungusap. |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Iparirinig sa mga bata ang isang maikling kuwento.<br>Si Noel at si Ana<br>Magkakambal sina Noel at Ana. Masaya silang dalawa. Palagi silang nakangiti. Masayang-masaya ang kanilang mga magulang. Kinukunan sila palagi ng larawan ng kanilang magulang mula | Sa tingin ninyo, ano ang mga bagay n madalas ginagawa ng isang bata mula pa sa kanyang pagka-sanggol magpahanggang ngayon sa kasalukuyan?<br>Mula sa mga nabanggit na gawain o katangiang ito, alin sa mga ito ang iyong pinakagusto? | <br>Source: canva.com<br>Magpapakita ng mga larawan ng | Basahin ang kuwento.<br>Si Miko<br>Noong sanggol pa siya dumedede pa siya sa<br>bote. Sinusubuan pa siya ng pagkain ng kanyang ina hanggang sa mag tatlong gulang. Nang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | nang silay maliit<br>pa hanggang sa kanilang paglaki.<br><br>Nang sila ay isang taong gulang na marunong na silang gumapang at nagpipilit na rin silang tumayo.<br><br>Nang dalawang taong gulang na sila, kaya na nilang tumayo at kaya na ring humakbang habang inaalalayan sila ng kanilang magulang.<br><br>Nang sila ay umabot sa tatlong gulang, nakaya na nilang maglakad nang mag-isa at kaya na ring tumakbo at maglaro nang mag –isa. Nang apat na taong gulang na sila, kaya na nilang gumawa ng mga magagaan na gawain.<br><br>Nang umabot sila sa gulang na lima, pumasok na sila sa Kindergarten. Natuto na silang bumilang at sumulat. Natuto na rin silang makipagkaibigan.<br><br>Ngayong anim na taong gulang na sina Noel at Ana, handang-handa na silang pumasok sa Unang Baitang. Mas marami pa silang matututuhan sa paaralan. | Anong mga gawain ang ayaw mong gawin? Ano naman ang gawaing hindi mo kayang gawin?<br><br>Magpapakita ng larawan ng bata na nasa kinder.<br>Sasabihin ng guro: Ito si Lino. Larawan niya ito noong nasa Kinder pa lamang siya.<br><br><br>Source: Canva.com | mga pansariling gamit.<br><br>Itatanong:<br><br>1. Ano ang masasabi ninyo sa mga pansariling gamit na nasa larawan?<br><br>2. May napansin ba kayong pagbabago sa mga gamit na ito? Ano ano ang mga ito?<br><br>3. Maaari pa bang gamitin sa ngayon ang mga gamit mo noong ikaw ay sanggol?<br><br>4. Paano mo mapangangalagaan ang mga gamit pansarili? | apat na taon na siya ay natuto na siyang kumain nang mag-isa. Nag-aaral na siya ngayong limang taong gulang na.<br><br><br>Source: canva.com<br><br>Anong pangyayari ang naganap kay Miko noong sanggol pa lamang?<br>Tatlong taong gulang?<br>Anim na taong gulang? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Makakaya na rin nilang tumulong sa iba pang mga gawain. Mas madadagdagan pa ang kanilang mga kaibigan.<br><br>Iba Pang Kagamitang, pahina 50-53<br><br>Pagmasdang mabuti at suriin ang mga larawan sa kwento. Ano ang inyong napansin? Ano-ano ang mga nabago sa kanilang pisikal na katangian at mga kakayahang nagagawa? | Ngayon siya ay nasa unang baitang na.<br><br>Itatanong:<br><br>• Ilan kaya ang edad ng batang ito?<br><br>• Ngayon na nasa unang baitang na kayo, ilan na ang edad ninyo? | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Sabihin na ang *timeline* o guhit ng panahon ay isang linya ang nagpapakita ng petsa at pagkasunod-sunod ng mga pangyayari.<br><br>Magpapakita ang guro ng mga larawan na nagpapakita ng iba't ibang gawain ng isang bata batay sa iba't ibang yugto ng kaniyang buhay. (mula sanggol hanggang sa kasalukuyan).<br><br>Tukuyin ang mga pagbabago sa katangiang pisikal ng mga bata sa mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod nito gamit ang flow chart. | Magpapaskil ng mga larawan tungkol sa mga kinahihiligang gawin ng mga bata mula pagkasanggol hanggang sa kasalukuyan sa pisara ang guro.<br><br>Isaayos ito ng mga mag aaral gamit ang flow chart at magkukuwento tungkol dito. | Magpapakita ang guro ng dalawang larawan<br><br>1. Unang larawan: larawan ng batang sanggol na wala pang buhok at bata na nag aaral sa unang baitang at may buhok.<br><br>Magkukwento ang guro tungkol sa larawang ipinakita.<br><br>* Ito si Lito noong siya ay sanggol at ito siya ngayong nasa unang baitang na. | Ipagagawa ng guro ang timeline ni Miko sa pamamagitan ng pagdikit ng larawan nito sa timeline. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br><br><br><br>Source: canva.com | | <br>Source: Canva. com<br><br>Source: Canva. Com<br><br>Tanong:<br>1. Ano ang napansin ninyo sa mga larawan? Pagtuunan ng pansin ang buhok ng bata.<br><br>2.Ano ang nagbago sa kanya? | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 3.Inaalagaan ba ninyo ang inyong buhok? Paano?<br><br>4. Anong bagay ang ginagamit sa pag-aalaga ng buhok?<br><br>5. Pangalawang larawan larawan ng sapatos ng bata noong sanggol at sa kasalukuyang edad.<br><br><br><br>Source: canva.com<br><br>Tanong 2:<br><br>1. Ano ang tawag sa mga bagay na ginamit mo noong ikaw ay sanggol pa lamang?<br><br>2. Maaari mo pa bang gamitin ngayon ang mga bagay mo noong ikaw ay sanggol? Bakit?<br><br>3. Dapat ba natin itong ipahiram? | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Bakit?<br>4. Paano Ninyo inaalagaan ang mga pansariling gamit?<br>5. Mahalaga ba ang mga pansariling gamit? | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Pangkatang Gawain:<br>Gamit ang mga larawang ipinakita ng guro, sa itaas, pagsunud- sunurin ang mga ito batay sa kanilang edad gamit ang sumusunod na timeline:<br>Pangkat I at II- Word Strip<br>Pangkat III at IV- Picture Chart<br>Kagamitang Mag-aaral pahina 54-55 | Pagpapangkat:<br>Hatiin ang klase sa 5 na pangkat.<br>Magkuwento tungkol sa mga pagbabago sa iyong buhay at sa mga gusto mong gawin mula nang ikaw ay bata hanggang sa kasalukuyan. Ikwento o isalaysay ito ng lider ng pangkat. | Pumili ng ilang bata na may dalang damit noong sila ay sanggol pa.<br>Itatanong:<br>Naisusuot pa ba<br>ninyo ang mga ito?<br>Bakit hindi na?<br>Sasabihin ng mga bata ang mga pagbabagong nangyari sa kanilang sarili. Tatalakayin ito sa klase. | Pagbibigay ng<br>pamamaraan sa<br>itinakdang gawain.<br>PAMAMARAAN SA PAG GAWA NG SARILING TIMELINE<br>1.Sa tulong ng mga<br>larawang dala mo tungkol sa iyong sarili, gumawa ng timeline ng mga bagay na kaya mong gawin<br>simula ng sanggol ka pa hanggang sa<br>kasalukuyan.<br>Halimbawa: Mga<br>Kakayahan<br>2. Pagsunod- sunurin ito gamit ang timeline.<br>3. Gawin ito sa malikhaing pamamaraan. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 4. Maghanda na ibahagi ito sa klase. |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Anong mga pagbabago sa pisikal na katangian at kakayahan ang naganap noong sanggol pa lamang ang bata?<br>Dalawang taong gulang<br>Tatlong taon<br>Apat na taon<br>Limang taon<br>Anim na taon?<br><br>Kailan nagsimula ang timeline? Kailan ito natapos?<br>Mahalaga bang makabuo tayo ng timeline ng ating buhay? Bakit? | Anong gawain ang gusto mong gawin ngayon na hindi mo nagawa nang ikaw ay bata pa?<br>Paano nakatulong ang timeline para mailahad mo nang maayos ang mga kinahihiligan mong gawain? | Ano-ano ang mga nagbago sa inyong sarili?<br>Mahalaga ba sa inyo ang mga pagbabagong nangyari sa inyong sarili? | Ano-anong pagbabagong naganap sa bata mula isilang hanggang sa kasalukuyan ang tinalakay natin? Isa isahin ito.<br><br>Tandaan:<br>Habang lumalaki ang isang bata may mga<br>pagbabagong nangyayari sa kanyang buhay katulad ng edad.<br>Pagbabago ang tawag sapag-iiba-iba ng mga nangyayari sa buhay. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Magpapakita ang guro ng mga larawan ukol sa pagbabago sa pisikal na katangian at kakayahan ng batang Pilipino.<br><br>Lagyan ng bilang 1-5 ang mga larawan ayon sa wastong pagkakasunod-sunod upang mabuo ang timeline. | Pangkatang Gawain:<br>Ang bawat pangkat ay gagawa ng timeline ng mga kinahihiligang gawain ng mga bata gamit ang flow chart.<br>Pumili ng isa sa bawat pangkat at ikuwento ito sa klase | Isulat ang **Tama** kung nagsasabi ng mga pagbabago sa sarili at **Mali** kung hindi.<br>1. Nag-iiba-iba ang sukat ng sapatos habang lumalaki ang bata.<br>2. Hindi nagbabago ang haba ng buhok | PAMANTAYAN SA PAG GAWA NG SARILING TIMELINE<br>5-Malinis, malinaw, kumpleto, at may tamang pagkakasunod-sunod ng timeline<br>4-Malinaw, kumpleto, at may tamang pagpasunod sunod |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ng isang tao.<br>3. Maaaring ipahiram ang mga pansariling gamit tulad ng suklay, bimpo, at toothbrush sa ibang tao.<br>4. Pagbabago ang tawag sa pag-iiba-iba ng pangyayari sa buhay ng isang bata.<br>5. Kailangang alagaan ng bata ang kanilang gamit pansarili. | ng timeline<br>3- May kulang at hindi tamang pagkakasunod sunod ng timeline<br>2-Hindi napagsunod-sunod nang tama ang timeline<br>1- Hindi natapos ang timeline |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa*<br>*Remediation (kung nararapat)* | Magdikit ng inyong larawan sa kuwaderno na nagpapakita ng sumusunod:<br>1. Bagong silang<br>2. Nag-aaral sa Kindergarten<br>3. Nag-aaral sa Grade 1 | Iguhit ang iyong hilig gawin mula noong bata ka pa hanggang sa gumuhit ng paboritong gamit na nakatutulong sa iyong sarili kasalukuyan. | Gumuhit ng paboritong gamit na nakatutulong sa iyong sarili. | Gumawa ng collage ng mga pagbabagong naganap sa iyong buhay. |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph